

WORD

O Panginoon, aming Panginoon, ang kadakilaan ng inyong pangalan ay makikita sa buong mundo, at ipinakita n'yo ang inyong kaluwalhatian hanggang sa kalangitan. **MGA SALMO 8:1**

(Basahin din ang **MGA SALMO 8**.)

Sa salmong ito, ipinagdiwang ni David ang kaluwalhatian ng Maykapal. Nakikita Niya ang kadakilaan ng Diyos kahit saan. Mula sa pagiging gabi ng umaga hanggang sa pagbuka ng mga bulaklak mula sa pagkakatikom, ang lahat ng mga bagay ay nagpapakita ng kadakilaan ng Punong Manlilikha na naglagay ng lahat ng bagay sa dapat nitong kalagayan. Ang kadakilaan Niya ay nakapalibot sa atin, at ang lahat ng nilikha ay nagbibigay papuri sa Kanya. Sa araling ito, ating titignan kung paano inihayag ang kadakilaan ng Diyos: sa buong mundo, sa tao, at kay Cristo.

1 Sa Sansinukob

¹*O Panginoon, aming Panginoon, ang kadakilaan ng inyong pangalan ay makikita sa buong mundo, at ipinakita n'yo ang inyong kaluwalhatian hanggang sa kalangitan . . .*

³*Kapag tumitingala ako sa langit na inyong nilikha, at aking pinagmamasdan ang buwan at mga bituin sa kanilang kinalalagyan. . .* **MGA SALMO 8:1,3**

Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng pagbigkas sa mga ito. Kagagawan Niya ang lahat mula sa mga bituin hanggang sa mga karagatan. Ang lahat ng halaman, hayop, kabundukan, at dagat ay Kanyang obra maestra at lahat ay tumuturo pabalik sa Kanya. Hindi nakita ni David ang paglakad ng tao sa buwan o nagawang lumangoy sa kailaliman ng karagatan, subalit hindi siya naging bulag sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa panahong ito, habang patuloy tayong nagsisiyasat ng mga bagong limitasyon, nakakakita tayo ng mas maraming dahilan para pahalagahan ang Kanyang karangalan at ang kadakilaan ng Maykapal ay lalong hindi maitanggi. Gaya ng walang tigil na pagpuri ni David sa Diyos buong buhay niya, paano natin mapapupurihan ang Diyos sa henerasyong ito?

2 Sa Tao

Ginawa n'yo kaming mababa ng kaunti sa mga anghel. Ngunit pinarangalan n'yo kami na parang mga hari. **MGA SALMO 8:5**

Kagulat-gulat na ang Diyos na gumawa ng langit at lupa ay Siya ring Diyos na nagbigay sa tao ng karangalan. Hindi lamang Niya tayo nilikha, ginawa Niya tayong kawangis Niya. Higit pa sa pagpansin sa atin, inampon Niya tayo bilang mga anak at binigyan ng autoridad na makibahagi sa Kanyang plano. Hindi tayo inilayo ng Kanyang karangalan mula sa Kanya. Sa halip, ito ang naglapit sa atin dahil sa pagbabahagi Niya kay Jesu-Cristo. Ayon sa Genesis 1:26,27, ano ang pribilehiyo at responsibilidad na ibinigay sa atin ng Diyos sa Kanyang mga nilikha?

3 Kay Cristo

Sa kanya makikita ang nagniningning na kadakilaan ng Diyos, at kung ano ang Diyos ay ganoon din siya. Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa mundo sa pamamagitan ng makapangyarihan niyang salita. Matapos niya tayong linisin sa ating mga kasalanan, umupo siya sa kanan ng Makapangyarihang Diyos doon sa langit.

MGA HEBREO 1:3

(Basahin din ang **MGA HEBREO 2:6-9**.)

Si Jesu-Cristo ang ganap na tatak ng tunay na imahe ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay nilikha Niya at taglay Niya ang lahat ng awtoridad at kapangyarihan sa lahat ng nilikha. Nagpunta Siya rito upang mamatay sa krus para sa atin at sa pamamagitan Niya, tayo ay naligtas. Ang karangalan ng Diyos ay nakilala kay Cristo at nakikita natin ito sa ginawa ni Jesus para sa atin sa krus. Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Colosas 1:15-20 tungkol sa awtoridad ni Jesus sa lahat ng nilikha?

APPLICATION

- Paano mo nakikita ang paghahayag ng karangalan ng Diyos? Ano sa palagay mo ang nararapat na tugon sa kanyang kadakilaan? Paano mo ito maisasagawa ngayong linggo?
- Paano ka pa lalago sa iyong pagpapahalaga sa kadikilaan ng Diyos sa buong sanlibutan?
- Kanino mo magagawang ipangaral ang ebanghelyo ngayong linggo? Paano mo maibabahagi sa kanya ang ginawa ni Cristo sa krus?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa buhay na ibinigay Niya sa iyo at sa pribilehiyo na matawag na Kanyang anak.
- Ipanalangin na umapaw ang lakas ng loob at pagmamahal sa iyong puso at na makita sa iyong buhay ang kadakilaan ng Diyos.
- Ihayag ang buhay at pagkakakilanlan mo kay Jesus at hingin ang mga pagakakataon upang maibahagi ito sa ibang tao.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph